

Ang iyong Basura.

Naayos na. ✓

Patungo sa mas malinis na kinabukasan

Ang Lungsod ng Kwinana ay magsisimula ng mga bagong bin collection zone at isang bagong sistema ng tatlong Garden Organics (GO) bin. Tuklasin ang mas magaling at mas malinis na pamamaraan sa pamamahala ng basura sa Kwinana!

Ang Iyong mga Zone. Naayos na. ✓

Nag-update kami ng mga collection zone upang matiyak ang mahusay na serbisyo para sa ating lumalagong komunidad.

Ang iyong GO Bin. Naayos na. ✓

Isang bagong Garden Organics (GO) bin ang ihahatid sa mga marapat na propyedad, na gagawing compost ang basura mula sa hardin.

Ang Iyong mga Zone. Naayos na. ✓

Mula ika-31 ng Marso 2025, ia-update ang mga collection zone para mapabuti ang kahusayan.

- Maaari mong tingnan ang mga bagong collection zone sa ibaba o hanapin ang iyong mga bagong araw ng bin collection sa aming website sa www.kwinana.wa.gov.au/mybinday.

Lunes

Wellard (*kanluran ng Kwinana Freeway*)

Martes

Anketell, Mandogalup, Wandi

Miyerkules

Bertram, Casuarina, Wellard (*silangan ng Kwinana Freeway*)

Huwebes

Hope Valley, Kwinana Beach, Leda, Medina, Naval Base, Orelia, Postans, The Spectacles

Biyernes

Calista, Kwinana Town Center, Parmelia

Ang iyong GO Bin. Naayos na.

Sisimulan mula sa huling bahagi ng Abril 2025, gagawing madali ng lime green-lidded GO bin ang pag-uuri ng iyong mga basura sa hardin!



Ano ang mailalagay sa loob nito?

Mga dahon, mga pinagputulan ng damo, maliit na sanga, at iba pang organikong basura sa hardin.



Ano ang hindi maaaring ilagay sa bin?

Mga bag, basurang pagkain, at ginamot na kahoy.

Kailan ilalabas ang mga ito?

Ang GO bin ay kokolektahin tuwing ikalawang linggo na salisihan sa linggo para sa recycling bin.

Ilabas nang lingguhan



at

Ilabas sa salisihang dalawang linggo



Mahalagang Impormasyon

- ➔ Ang mga GO bin ay awtomatikong ibibigay sa mga propyedad na mahigit sa 350m².
- ➔ Maaaring mag-opt-in ang mas maliit na propyedad para sa isang GO bin anumang oras — Bisitahin kami sa online o kontakin ang Lungsod para sa mga detalye.
- ➔ Maaaring humiling ang mga residente ng libreng pag-upgrade sa mas malaking 360L recycling bin sa pamamagitan ng pagkontak sa Veolia sa 1300 293 955.

Magtulungan tayo para sa isang mas malinis, mas likas-kayang Kwinana!

Para sa lahat ng mga update at detalye, bisitahin ang kwinana.wa.gov.au/threebinGO o makipag-ugnayan sa aming nakatalagang waste hotline sa 1300 293 955.



▶ I-SCAN ITO ◀